Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

-163-

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

pinagpasiyahan ng kapulungan na iliwat kay Kag. Perez ang paksain sa dahilang siya ay isang "Licensed Pest Controller".

****************

Gayundin ang petisyon ng mga taga-Leyco Subdivision hinggil sa kaguluhang idinudulot ng GII Auto Repair Shop na pag-aari ni G. Gerry Bawan ay iniliwat ang pagbibisita kina Kag. Almodovar at Kag. Tiongco na siyang inatasan ding mag-ulat at magbigay rekomendasyon sa kapulungan.

****************

Pinagpasiyahan din ng kapulungan na talakayin ang kahilingan ng San Antonio Development Corporation sa susunod na pulong, gayundin ay ipinagpaliban ang pagtitibay ng kahilingan ng pagpapanibagong-gamit ng lupain ng Romanville Realty & Development Corp. at sa halip ay iniliwat ito sa Lupon para sa Human Settlements upang siyang gumanap ng pagbibisita at magsagawa ng "table survey".

****************

APPROVED:
RESOLUTION No. 640-'91
PROVINCIAL BOARD
Nobyembre 27, 1991

KAUTUSANG BAYAN BLG. LII-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Entena)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng salapi mula sa kabang bayan upang iukol sa mga sumusunod na gastusin:

I. Paglalaan para sa pagpapa-ayos ng Nissan Stake Truck . . . . . . . . . ₱46,980.00

Ang palaan ay magmumula sa Contingency Reserve of the Budget

II. A. Para sa GENERAL FUND

| | | |
|---|---|---|
| Pag-ibig Fund . . . | ₱60,000.00 | |
| 2% Reserve. . . . . | 1,200.00 | 61,200.00 |

Ang palaan ay magmumula sa Underestimated Revenue of Bldg. Permit

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-164-

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

B. Para sa INFRA FUND

Pag-ibig Fund . . . . . . . . . . 2,400.00

Ang palaan ay magmumula sa Contingency Reserve

III. Para sa Supplies ng Civil Registry Office . . . . . . . . . . . . 20,000.00

Ang palaan ay magmumula sa anumang palaang maaring iliwat

IV. Palaan para sa pagpapakain sa mga batang malnourished . . . . . . . . . . 29,940.00

Ang palaan ay magmumula sa anumang palaang maaring iliwat

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

160,520.00

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

***************

APPROVED:
RESOLUTION No. 640 - '91
PROVINCIAL BOARD
Nobyembre 29, 1991

KAPASIYAHAN BLG. 92-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Entena na pinangalawahan ni Kag. Perez)

ANG KAPASIYAHANG HUMIHILING NG "ADDITIONAL INTERNAL REVENUE ALLOTMENT" ALINSUNOD SA ITINATADHANA NG PRESIDENTIAL DECREE NO. 1741.

SAPAGKA'T, napag-alaman ng kapulungang ito na mayroong kakayahang magdagdag ng pondo para sa "Internal Revenue Allotment" alinsunod sa itinatadhana ng PD 1741;

SAPAGKA'T, ang bayan ng Santa Rosa ay lubos na nangangailangan ng karagdagang pondo upang maitugon sa mga pambayang gastusin dulot ng pag-unlad ng bayan;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paghiling ng "additional internal revenue allotment" alinsunod sa itinatadhana ng Presidential Decree No. 1741.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ADELO T. PEREZ, Kagawad
RESTITUTO C. ALMODOVAR, Kagawad
REYNALDO C. ENTENA, Kagawad
RAMON G. MARCELO, Kagawad
EMILIO M. TIONGCO, Kagawad
RUFINO P. TAPANGCO, Kagawad
ERIC T. PUZON, Kagawad
URIEL T. MANGAHIS, Kagawad